

# 2023

## Maikling Impormasyon ng Benepisyo sa City of Seattle

(Mga Empleyadong May *Most\** Benepisyo)

**Kwalipikasyon:** Para sa mga bagong tanggap sa trabaho at mga nakadepende, magsisimula ang saklaw sa unang araw mo ng trabaho kung iyon ang unang araw ng buwan sa kalendaryo na itinalaga ng Lungsod bilang araw ng trabaho. O magsisimula ang saklaw sa unang araw ng buwan sa kalendaryo na itinalaga o kinikilala bilang unang araw ng trabaho sa shift na iniatas sa iyo. Kung nagsimula ang trabaho mo pagkatapos ng petsang ito, magsisimula ang saklaw mo sa unang araw ng kasunod na buwan.

**Mga Kwalipikadong Nakadepende sa Iyo:** Kasama sa mga indibidwal na kwalipikado sa saklaw ang asawa mo o ka-live in, mga anak mo o ampon o mga batang ipinaampon, mga anak ng ka-live in mo, stepchildren, at anumang anak na ikaw ang legal na tagapagbantay o na kailangan ng saklaw sa bisa ng Utos sa Medikal na Suporta Para sa Kwalipikadong Bata. Adultong anak na kwalipikado sa saklaw kung wala pa silang 26 na taong gulang. Kung nagdagdag ka ng mga nakadepende sa iyo, hihilingan ka ng mga dokumento na nagpapatunay na kuwalipikado sila para sa saklaw ng plano ng City of Seattle.

**Pagpapatala:** Dapat kang magpapatala sa loob ng 30 araw na natanggap ka sa trabaho. Kung hindi ka makapagpapatala sa loob ng 30 araw mula nang matanggap ka sa trabaho, awtomatiko kang itatala ng Lungsod para sa saklaw sa dental at paningin. Ang plano ng Delta Dental of Washington ang default ng saklaw mo sa dental. Kung bago ka lang naging kwalipikado para sa saklaw sa kalusugan at hindi aktibong pumipili o nag-waive ng medikal na saklaw, awtomatiko kang itatala sa Aetna Traditional na plano na para lang sa mga empleyado, na walang premium na kontribusyon mula sa iyo.

**Dental:** Puwede mong pagpilian ang Delta Dental of Washington o Dental Health Services. Kasama sa plano sa dental ang saklaw para sa mga kwalipikadong nakadepende sa iyo. Ang City of Seattle ang magbabayad nang buo sa premium mo.

**Paningin:** Puwede kang pumili ng Basic o Buy-up na plano sa paningin sa pamamagitan ng VSP. May saklaw na taunang pagpapasuri sa mata kada taon ng kalendaryo para sa parehong plano. Ang Lungsod na ang magbabayad nang buo ng premium ng Basic na plano mo. Magbibigay ka ng kontribusyong \$10.38 para sa planong Buy-up, na magbibigay ng karagdagang opsyon sa salamin.

**Medikal:** Maaari kang pumili mula sa Kaiser Permanente Standard Plan, Kaiser Permanente Deductible Plan, Aetna Preventive Plan, o Aetna Traditional Plan. Ito ang babayaran mo buwan-buwan para sa bawat plano:

Medikal na Plano	Buwanang Kontribusyon sa Premium ng Empleyado	
	Empleyado**	Empleyado at asawa o ka-live in**
Aetna Preventive	\$48.12	\$98.50
Aetna Traditional	\$0.00	\$32.34
Kaiser Permanente Standard	\$48.40	\$99.90
Kaiser Permanente Deductible	\$25.00	\$56.92

\*\* mayroon o walang anak

**Serbisyo sa Adbokasiya:** May access ang mga miyembro ng pamilya na saklaw sa serbisyo sa adbokasiya ng Accolade. Nagbibigay ng personal na libreng personal na tulong ang mga Katulong sa Kalusugan ng Accolade. Ang mga Katulong sa Kalusugan ang sumasagot ng lahat ng tanong tungkol sa kalusugan at benepisyo, at partner sila ng team ng mga doktor, nars, at espesyalista sa benepisyo na tumutulong para suriin ang sistema ng healthcare.

**Mga Account ng Flexible na Gastos (Flexible Spending Accounts, FSA):** Nag-aalok ang City of Pangangalaga sa

Kalusugan (Health Care FSA) at Day Care FSA sa pamamagitan ng Navia Benefits Solution. Pinapahintulutan ka ng FSA ng Pangangalaga sa Kalusugan para gamitin ang mga dolyar na hindi pa nabubuwisan para makatanggap ng reimbursement para sa kwalipikadong mga gastusin sa medikal, dental, at paningin. Pinapahintulutan ka ng Day Care FSA na makatanggap ng reimbursement para sa kwalipikadong gastos sa daycare para sa anak mong nakadepende sa iyo hanggang edad 13, may kapansanang asawa/ka-live in, o nakadependeng magulang. Makakapili ka ng pinakamababang halaga na \$120 hanggang \$2,850 sa 2023 para sa Healthcare FSA at \$5,000 para sa plano ng Daycare. Kung pinili mong makibahagi sa planong ito at gusto mong patuloy na makibahagi, kailangan mong magpapatala bawat taon sa panahon ng pagpapatala ng Lungsod.

Puwede mong i-carry over ang hanggang \$610 na hindi nagamit na pondo ng Health FSA mula sa 2023 taon ng plano tungo sa 2024 taon ng plano hangga't ang resulta ng carryover sa minimum account ay \$120.

### Basic na Insurance sa Pangmatagalang Kapansanan:

Kung ikaw ay nabalda, pagkatapos ng 90-araw ng paghihintay, babayaran ka ng plano ng mga basic na benepisyo mo na \$400 buwan-buwan habang hindi ka makapagtrabaho. Ang Lungsod ang nagbabayad nang buo sa premium ng basig na pangmatagalang kapansanan. May opsyon kang bumili ng karagdagang mga benepisyo sa pangmatagalang kapansanan (tingnan sa ibaba).

### Karagdagang Insurance sa Pangmatagalang Kapansanan:

Bumili ng karagdagang saklaw sa pangmatagalang kapansanan upang mabigyan ka ng hanggang 60% ng iyong batayang suweldo na higit sa \$667 hanggang sa maximum na \$8,333 bawat buwan.

**Basic Group Term Life Insurance:** Puwede kang pumili ng isa mula sa dalawang plano – Basic Group Term Life Insurance na isa't kalahating beses na mas malaki kaysa sa taunang kita mo o Limited Basic Group Term Life Insurance na \$50,000. Magbibigay ang Lungsod ng 40% sa bayad sa Basic Group Term Life Insurance.

\*Kasama ang mga CMEO, Hepe ng Bumbero, Pangkalahatang Empleyado ng Lungsod, mga empleyado sa Aklatan, mga miyembro ng Asosasyon ng Management

sa mga Pulis ng Seattle (Seattle Police Management Association, SPMA). Mga Hepe ng Bumbero at CMEO – kontakin ang HR para sa inyong kontribusyon sa premium.

**Karagdagang Group Term Life Insurance:** Kung pinili mo ang Basic Group Term Life, puwede kang bumili ng karagdagang term life insurance para sa sarili mo, sa iyong asawa/ka-live in, at sa mga anak mo. Ang pinakamalaking life insurance na puwede mong makuha ay apat na beses na mas malaki sa taunang sahod mo. Ang asawa/ka-live in mo ay 100% ng halaga ng saklaw na pinili mo para sa sarili mo na hanggang \$500,00. Puwede kang bumili ng \$2,000, \$5,000 o \$10,000 na saklaw para sa mga anak mo.

**Insurance para sa Kamatayan o Pagkaputol ng Parte ng Katawan Dahil sa Aksidente (Accidental Death & Dismemberment Insurance, AD&D):** Puwede kang bumili ng AD&D na insurance para sa sarili mo o sa inyo ng pamilya mo. Available ang saklaw mula \$25,000 hanggang \$500,000.

### Mga Benepisyo sa Pagreretiro

**Pagreretiro ng mga Empleyado sa Lungsod ng Seattle Sistema (Sistema sa Pagreretiro ng mga Empleyado ng Lungsod ng Seattle (Seattle City Employees' Retirement System, SCERS) I at II):** Mayroong dalawang plano sa pagreretiro para sa mga empleyado ng Lungsod na may mga pagkakaiba sa mga kontribusyon, pinakamababang edad ng pagreretiro, panghuling average na suweldo, at nakuhang benepisyo bawat taon ng service multiplier.

**SCERS I** (tinanggap sa trabaho at nagpatala bago ang Enero 1, 2017): Nag-aambag ka ng 10.03%, at binabayaran din ng Lungsod ang 15.29% ng iyong suweldo para sa iyong pagreretiro.

**SCERS II** (tinanggap sa trabaho at nagpatala noong Enero 1, 2017, o pagkatapos ng petsang ito): Nag-aambag ka ng 7.0%, at binabayaran din ng Lungsod ang 14.42% ng iyong suweldo para sa iyong pagreretiro.

Ipinagpaliban ang buwis sa mga kontribusyon at kita. Nakatalaga ka nang 100% sa iyong mga kontribusyon at kanilang mga kita. Itinalaga ka (kwalipikado para sa isang buwanang benepisyo sa edad ng pagreretiro) sa limang taon ng serbisyo. Kung aalis ka sa pagtatrabaho sa Lungsod at kukunin mo ang mga kontribusyon mo, hindi ka makakakuha ng anumang kontribusyon ng Lungsod.

Kung nagtrabaho ka para sa estado o iba pang lokal na gobyerno, maaaring kwalipikado kang pagsamahin ang panahon ng serbisyo mo para maging kwalipikado sa pagretiro.

May opsyon kang mag-ipon nang mas marami para sa pagretiro mo sa pamamagitan ng Plano ng Kusang-Loob na Pag-antala ng Suweldo ng Lungsod (tingnan sa ibaba).

**Plano ng Kusang-Loob na Pag-antala ng Suweldo:** Kusang-loob ang pagpapatala sa 457 Plano ng Pag-antala ng Suweldo ng Lungsod. Puwede kang magbigay ng kontribusyon sa pamamagitan ng pagkaltas sa suweldo mo. Ikaw ang magdedesisyon ng halaga sa dolyar, uri ng kontribusyon, at investment. Maaari kang magbigay ng kahit \$10 kada suweldo. Maaaring magpapatala at pagbabago ng kontribusyon anumang oras. Hindi itinutugma ng Lungsod ang mga kontribusyon mo.

### Mga Programa at Benepisyo sa Trabaho/Buhay

**Reach:** Puwede kang makibahagi sa Reach, isang boluntaryong online na app na may programa para sa kapakanan ng empleyado at mga saklaw na asawa/ka-live in. Sa Reach, may mga aktibidad, kapaki-pakinabang na mga kagamitan, at content na maraming matutuhan para

tumulong sa iyo na maabot ang mga tunguhin mo sa pinansiyal, emosyonal, sosyal, at career at maging masaya sa paggawa nito.

**Programang Tulong sa Empleyado (EAP):** Ang Mapagkukunan para sa Pamumuhay na Programang Tulong sa Empleyado (Employee Assistance Program, EAP) ay nagbibigay ng mga serbisyo ng referral at pagpapayo para sa iyo at sa mga nasa sambahayan mo. Makatanggap ng kumpidensiyal na tulong para sa personal na problema gaya ng stress, depresyon, at problema sa pamilya at relasyon. Kwalipikado ang bawat miyembro ng sambahayan sa anim na libreng isang-oras na sesyon bawat taon.

**Transportasyon:** Transportasyon: Kwalipikado kang makatanggap ng ORCA Passport Card, na nagbabayad ng buong pamasaha para sa lahat ng land-based na transit, kabilang ang water taxi at Kitsap Fast Ferry. Nagbibigay din kami ng Vanpool at benepisyo ng WA State Ferry para lang sa mga pasahero. Kung gumagamit ka ng anumang sasakyan na may kasama para mag-commute, kwalipikado ka rin para sa Garantisadong Biyahe Pauwi – isang naire-reimburse na biyahe sa taxi pauwi kung may emergency sa pamilya o medikal.

**Career Quest:** Nagbibigay ang Career Quest ng customized na oportunidad sa pagsulong ng karera para dumami ang kakayahan mo o tumulong sa iyo sa mga pangmatagalang tunguhin mo sa iyong karera. Para maging kwalipikado, kailangang regular na empleyado ka ng Lungsod, nagtatrabaho nang di-bababa sa isang taon, at desididong magkaroon ng bagong kakayahan at kasanayan.

**Mga Holiday:** May 12 pista opisyal ang Lungsod at 2 personal na holiday. Maaari mong gamitin ang iyong personal na holiday anumang oras pero kailangan mo munang ipagpaalam ito.

**Bakasyon:** Nagkakaroon ka ng bakasyon batay sa oras ng status ng regular na bayad. Nakadepende ang dami ng bakasyon sa haba ng iyong serbisyo—mula 12 araw bawat tayon para sa baguhang empleyado hanggang 30 araw bawat taon pagkatapos ng 29 taong pagtatrabaho. Puwedeng ipunin ang hindi nagamit na oras ng bakasyon, hanggang sa maximum, depende kung ilang taon na ang serbisyo mo.

**Leave Dahil sa Sakit:** Nagkakaroon ka ng leave dahil sa sakit batay sa bilang ng oras na nagtrabaho ka. Puwedeng makaipon ng 96 na oras ng leave dahil sa sakit ang mga buong-panahong empleyado bawat taon. Puwedeng ipunin ang hindi nagamit na leave dahil sa sakit, at walang maximum na oras.

**Iba Pang Leave:** Nagbibigay din ang Lungsod ng sumusunod na leave na may bayad at walang bayad: may-bayad na leave bilang magulang, leave dahil namatayan, leave para sa pamilya at medikal, leave sa pagbubuntis, leave sa paglilingkod bilang jury, leave dahil sa military duty, leave dahil sa pagbibigay ng organ, walang-bayad na personal na leave, at sabbatical leave.

May opsyon din ang mga empleyado na mag-apply sa Lungsod para sa Programang Washington sa Leave Para sa Pamilya at Medikal bilang karagdagan sa mga leave sa itaas.



**Seattle**  
Human Resources

Na-update noong 12/16/2022